# Ulat Balita ng Kinatawan ng Kongreso para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki
# Isyu bilang 46

KAWASAKI CITY 川崎市

Pinamamatnugutan at inilathala ng:Tanggapan ng Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng mga Mamamayan at Mga Bata, tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki

Petsa ng Paglathala: Oktubre1,2012

http://www.city.kawasaki.jp/tl/page/0000037825.html


# Halina Ang Lahat!Ha

## Gabay sa mga Kaganapan ng Kinatawan ng Kongreso

Maraming pagdiriwang ang idinaraos sa ibat' ibang lugar tuwing panahon ng taglagas. Sa mga ganitong pagkakataon, ang Kinatawan ng Kongreso ay lumalahok sa mga sari-saring pagdiriwang na ito. Sa pamamagitan ng mga pagkain at eksibisyon, bakit hindi natin subukan makihalubilo sa mga kinatawan? Malugod naming hihintayin ang inyong pagdating!



### Open Forum

Kailan: **Disyembre 9**(Linggo) 2～5 PM

Lugar: Kawasaki City Furikou Kaikan (5 minuto lakad mula sa istasyon ng Kawasaki)

Magkakaroon ng mga pagpapakilala sa mga nilalaman ng deliberasyong ginagawa ng mga kinatawan at pagdinig ng mga ideya sa mga sasali sa pulong ng sub-komite. Bukod pa rito, binabalak ring magkaroon ng mga pagtuturo tungkol sa pag-iwas sa kalamidad. Magkakaroon ng salu-salo pagkatapos ng open forum.(Para sa iba pang detalye, tingnan ang homepage ng Kinatawan ng Kongreso.)

*** Mag-ingat! Iba ang lugar noong isang taon.**



### Mizonokuchi Multikultural Piyesta

Kailan: **Oktubre 20**(Sabado) alas-11 ng umaga hanggang alas-3 ng hapon

Lugar: Takatsu Shiminkan Rooftop

(Gaganapin sa loob kapag umulan)

Magtatayo ng mga food stall. Masisisyahan sa mga sari-saring pagkain ng iba't ibang bansa ng mga miyembro. Abangan ang menu sa araw na ito! Taon-taon ang mga food stall ay palaging popular.

* Hindi magtitinda ang Kapulungan kapag umulan.



### Kawasaki Peoples Fiesta

Kailan: **Nobyembre 2**(Biyernes)**～4**(Linggo)

Lugar: Kawasaki Ward Fujimi Park Rehiyon 1

Magkakaroon ng mga pagpapakilala sa mga kinatawan at mga pagpapalabas sa entablado ng ibat-ibang uri ng kultura. Sa araw ng Linggo Nobyembre 4, sasali sa parada ang mga kinatawan. Binabalak din ng magkaroon ng mga eksibisyon at mga palaro para sa mga bata sa tolda ng kapulungan!

## ◆・◇・◆・◇・◆ Iskedyul ng mga Pagpupulong ◆・◇・◆・◇・◆

**Lugar: Kawasaki International Center**

(Pinakamalapit na Istasyon: Toyoko Line Motosumiyoshi Station)

**Oras: Mula alas 2 hanggang alas 5 ng hapon**

Pangatlong Pagpupulong (Unang Araw): Oktubre 14(Linggo)

(Ikalawang Araw): Nobyembre 18(Linggo)

Pang-apat na Pagpupulong (Unang Araw): Enero 20(Linggo)

(Ikalawang Araw): Pebrero 17(Linggo)

Malugod na inaanyayahan ang lahat upang dumalo sa pagpupulong.



# Pagbisita sa Lungsod

Bilang isang kinatawan maraming bagay ang dapat malaman ukol sa Lungsod ng Kawasaki at upang magkaroon sila ng basehan sa mga panukalang gagawin isang Pagbisita ang isinagawa ng mga kinatawan noong Hulyo 29, 2012 sa Lungsod. Lumahok ang 14 na kinatawan at nagmasid sa 5 parte ng lugar sa Lungsod. Nakinig Sa mga paliwanag ng mga tagapamahala at nagkaroon din ng palitan ng mga Kuro-kuro.






**Fureai Kan (Hall)** Nakinig ng kasaysayan at aktibidad ng mga banyaga sa Kawasaki at nagmasid sa pasilidad. **Shimin Museum** Habang nagmamasid sa mga lumang mapa, sari-saring modelo ng eksibisyon, ang mga kinatawan ay nakinig ng mga paliwanag ng tagapangasiwa ukol sa pinagmulan at larawan ng lumang bayan ng Kawasaki. **Nakahara Library** Matapos makinig ng sistema ng paggamit ng mga libro, bilang ng mga babasahing banyaga,at kung paano magbibigay ng donasyong libro, lumibot din sila sa buong pasilidad. **Nakahara Shimin Kan (Hall)** Nakinig sa masusing paliwanag kung ano ang mga isinasagawa sa Shiminkan lalo na ang tungkol sa Literasiya at sitwasyon ng mga banyagang nag-aaral ng salitang Hapon. Nagkaroon din ng pagmamasid sa loob ng pasilidad. **Shimin katsudo Center** Ipinaliwanag ng nakatalagang tagapangasiwa kung paano tinutulungan ang mga pang-sibiko at boluntaryong aktibidad ng mga mamamayan. Sila ay nagmasid din sa silid-pulungan at iba pang pasilidad sa loob nito.

Ayon sa mga lumahok na kinatawan, “Marami kaming natutunan sa mga detalyadong pagpapaliwanag na aming napakinggan.” “Aming napag-alaman na napakalawak ng mga serbisyong ibinibigay ng Lungsod ng Kawasaki sa iba’t ibang aspeto.” “Lagi kong nadadaanan ang mga pasilidad na ito subalit ni minsan ay hindi pa ako sumubok pumasok kaya’t ako’y nagagalak at nakapasok din ako.” “Sa susunod na pagkakataon, balak kong subukang pumasok sa mga ganitong pasilidad.” “Mag-iisip pa ako ng iba pang mga pamamaraan kung paano mas lalong mapapagaan ang paggamit sa serbisyo ng mga pasilidad para sa mga banyaga.” Ilan lang ito sa mga saloobing ipinahayag ng mga kintawan.

## Pagkilala sa Bagong Kinatawan

Si Christopher Ntyangiri, isang kinatawan mula sa bansang Tanzania ay nagbitiw sa kapulungan dahil sa ilang kadahilanan. Bilang kapalit, itinalaga si Senu Joakim na mula sa rehiyong Penang bilang isang bagong kinatawan.



＜**Pangalan**＞ SENOU, Joachim

＜**Nasyonalidad, Rehiyon**＞ Penang

＜**Saloobin bilang kinatawan**＞ Bilang paghahanda sa kinabukasan, ang pag-aaral ng kasaysayan ng Kawasaki, ang pagkakaroon ng kaaya-ayang pamumuhay ng lahat ng mamamayan at kung paano magkakaroon ng bahagi ang mga banyaga sa munisipal na gobyerno ang nais kong pag-isipan bilang kinatawan. Nais ko ring maging aktibo sa sa pagkakaroon ng mutwal na unawaan upang mapabuti ang serbisyo ng pamahalaan.

＜**Paboritong Adhikain**＞ Ang kainaman ng tao (bulaklak) ay maari mong makita sa lahat ng dako kung ito ay hahangarin mo ng totoo.

## ◇Pagpupulong Hinati Sa Dalawang Grupo◇

Ang ika-9 na pagpupulong ng mga kinatawan na kinabibilangan ng 26 na kinatawan ay hinati sa 2 grupo upang magtalakayan. Upang makilala ng lubos ang magkabilang grupo, si Presidente Wang at Bise-Presidente Sharma ay lumahok at 2 beses nagpalit ng grupo. Ipinakikilala ang detalye sa bawat grupo.

### Grupo ng Buhay Panlipunan



**Miyembro**

CHART, David (Lider ng Grupo) AN, Yeong Il, WU, Qun, GAN, Leong Yeun, HSU, Ke Hsin, KORONCZI, Karol, GONG, Minsuk, SALVIO Rosemarie SAHIN, Serkan, YANAGIZAWA, Anna

**Tema ng Usapin**

**Hindi nangangailangan ng mahabang oras na tema:** Ang Pag-imbita sa mga magulang, paglahok ng mga banyaga sa mga lokal na aktibidad, pagharap sa mga information window, konsultasyon, pension at pabahay

**Nangangailangan ng mahabang oras na tema:**Urbanisasyon, suporta sa paghahanap ng trabaho, pagpapahalaga sa mga nagawang panukala, paghahatid ng impormasyon (homepage ng kapulungan ng kinatawan, pakikinig sa mga mungkahi ng mga banyaga mula sa mga website, impormasyon sa disaster at mga bagong patakaran ng immigration.)

Ang tema ngayon ay malawak at iba't iba, mayroon ding bago tulad ng tungkol sa urbanisasyon. Mula sa malawak na karanasan ng mga kinatawan, kami ay aktibong nagpalitan ng aming mga kuro-kuro at pinag-usapan ang kahalagahan at antas ng kahirapan ng tema. Mula ngayon, layunin naming ipagpapatuloy ang pagpupulong habang iginagalang ang opinion ng bawat isa. (Lider ng Grupo CHART, David)

### Grupo para sa Kapakanan ng Edukasyon



**Miyembro**

SONODA, Beatriz Izumi (Lider ng Grupo)

EDMOND, Duncan, WONG Hailey Jimmie, OIDE Orietta, NGUYEN, Ngoc Bao Linh, KEOPASEUTH Latsamychanh, SIEFKEN, Brandon, CHOI Sang, NAKADA Siriwan, NAKAMURA Judith, PARK Chang Ho, HOMURA Caren Wilfridah, YANG Yi

**Tema ng Usapin**

Suporta para sa mga magulang o tagapag-alaga (pagbibigay sa kanila ng mga impormasyon atbp.), pang-aapi(bullying), suporta sa mga senior citizens, edukasyon sa loob ng tahanan, interkultural, suporta para sa pagpapalaki ng mga bata (pasilidad para sa mga bata at day-care centers), pangangailangang medikal, pag-aaral ng sariling wika.

Napagdesisyunan na ang tema ngayon ay pag-uusapan base sa mga karanasan, kaalaman at mga aktuwal na pamumuhay sa kapaligiran ng mga kinatawan. Sa mga susunod na panahon, unti-unti naming iipunin ang mga ideya ng mga miyembro at sama-sama naming itong masusing pag-uusapan.

(Lider ng Grupo SONODA Izumi Beatriz)

# Kapulungan ng Kinatawan- Nalathala sa Isang Libro sa Pransya



〈Dr. LE BAIL at Presidente WANG〉

Inilathala ng isang librong nilimbag ng Leson Savon noong Pebrero, 2012 ang larawan ng Kapulungan ng mga kinatawan sa librong "*MigrantengTsino na may mataas na antas ng kasanayan sa Bansang Hapon*" Nilalaman ng libro ang pagpapakilala sa Kapulungan ng Kinatawan ng Kawasaki bilang isang aktibong kapulungan at bilang pinakamatagumpay na paraan ng pagdinig ng mga boses ng mga banyagang mamamayan. Noong Hunyo 2012, nagkaroon ng pag-uusap si Pangulong Wang at ang may-akda ng librong si Elenu Ruubai. Ikinumpara ni Ruubai ang mga Tsinong naninirahan sa pransya at Hapon. Diumano, mas nakikilahok ang mga Tsinong nakatira sa Hapon sa mga gawaing panlipunan kaysa sa mga Tsinong nakatira sa Pransya. Anya, mas marami ang mga serbisyo sa iba't ibang wika sa bansang Hapon.




Kanya ring iminungkahi na hindi lamang sana ang Kapulungan kundi sana pati ang mga gawaing pang-sibiko at paaralan ay maging tulay upang matugunan ang mga pangangailangan at suliranin ng mga banyaga sa kanilang pook. Siniyasat ni Pangulong Wang kung ano ang kalagayan ng pagtuturo ng iba't ibang wika sa pampublikong paaralan sa Pransya at sinabing nais niyang mas matutunan pa ang mga pag-aaral ng iba't ibang wika(sariling wika) sa pampublikong mga paaralan sa Hapon.

**************************************************************************************************

**Mga Kapaki-pakinabang na Impormasyon Para sa mga Banyaga-Ika-6 na Bahagi**

Para sa mga bagong babasahin ukol sa bagong system na nakasalin sa iba't ibang wika:
http://www.immi-moj.go.jp/newimmiact_1/index.html



**Bagong Sistema ng Pangangasiwa sa Paninirahan Q&A**

Nag-umpisa ng ipatupad ang bagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan noong Hulyo 9, 2012. Ipinakikilala ang mga impormasyong pinili ng Komiteng Pang-editoryal lalung-lalo na ang mga mahahalagang puntos na dapat nating malaman.

**Q.Kailangan bang papalitan agad ang kasalukuyang hawak na Sertipikobng Pangrehistro bilang Dayuhan(Alien Card Certificate) sa bagong ResidenceCard.?**

A. Hindi kailangang magpalit agad sa Residense Card. Sa isang tiyak na tagal ng panahon, ituturing na residence card ang sertipiko ng pagrehistrobbilang dayuhan (alien card certificate) na kasalukuyang hawak ng mga nasasakop na dayuhan sa batas na ito. Sa mga hindi permanenteng residente, ipagkakaloob ang residence card sa oras ng pagpapanibago ng panahon ng paninirahan (renewal) pagkalipas ng Hulyo 9. Para sa mga permanenteng residente, kinakailangang mag-apply ng residence card sa loob ng 3 taon pagkalipas ng Hulyo 9, 2012(sa may mga edad na 16 pababa, magpalit sa loob ng 3 taon o kaya magpalit bago dumating ang ika-16 na kaarawan o kung alin sa dalawa ang mauna).

**Q.Makakatanggap ba ng abiso kapag malapit na matapos ang pahintulot para sa paninirahan at residence card?**

A.Walang matatanggap na abiso. Sa mga dayuhang legal na naninirahan sa Japan na may medium to long term visa(hindi kasali ang permanenteng residente at may edad na 16 pababa), kung hindi makakalimutang magpa-extend ng pahintulot ng paninirahan(period of stay) walang dahilan upang mapaltos o ma-expire ang residence card. Ipinakikiusap na tiyakin lamang na hindi makalimutang magpa-extend ng pahintulot ng paninirahan.

**Q.Makikita raw ang litrato sa residence card. Kailangan bang maghanda muna ng litrato bago kumuha ng residence card?**

Sa residence card na ipagkakaloob kasabay ng pagtatak ng pahintulot sa pasaporte (landing permit) sa mga paliparan, hindi na kailangang maghanda ng litrato. Samantala, ukol sa pag-aapply o pag-extend ng pahintulot ng paninirahan (period of stay), residence card o mga pagbibigay ng mga notipikasyon ng pagbabago sa mga nabanggit, kailangang magdikit ng litratong kuha sa loob ng 3 buwang nakalipas sa application form. Hindi naman makikita ang litrato ng isang dayuhan kung ang petsa ng pagkabisab (validity card) ng ibinigay na residence card ay hanggang sa huling araw bago sumapit ang kanyang ika-16 na kaarawan

**【Mag-ingat!】**Kasabay ng pagsisimula ng panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan, itinakda rin ang mga bagong kadahilanan para sa pagpapawalang-bisa ng pahintulot sa paninirahan, kadahilanan para sa sapilitang pagpapaalis sa bansa (deportasyon) at pagkakaloob ng karampatang kaparusahan. Para sa mga iba pang detalye, mangyaring magtanong sa mga pinakamalapit na sangay ng imigrasyon.

*Ang mga impormasyon sa pahinang ito ay base sa nilalaman ng website ng Kawanihan ng Imigrasyon, Kagawaran ng Katarungan mula petsang Agosto 9, 2012 hanggang sa kasalukuyan.(http://www.immi.moj.go.jp/newimmiact_1/q-and-a.html)


**< Mga Katanungan > Tanggapan ng mga karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng mga Mamamayan at mga Bata sa Lungsod ng Kawasaki**

**1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577**

Phone: 044-200-2359 Fax: 044-200-3914 E-mail: 25gaikok@city.kawasaki.jp


Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Kapulungan.